

# Matandang Tipan

Makikita ng sinumang babasa sa banal na Aklat na sunud-sunod na mga salaysay ang **Matandang Tipan**. Parang mas alamat pa kaysa talagang mga pangyayari ang ilan sa mga nilalaman nito, na kinapapalooban din ng mga paglalahad, mga panuntunan sa moralidad at liturhiya, mga pagbatikos, mga salita ng pag-asa o mga hikbi ng pagmamahal. Hindi nga mapasusubalian na isa sa pinakamagandang akda sa pandaigdigang panitikan ang Matandang Tipan.

Sa aklat na ito (na sa totoo’y “mga” aklat) ang Diyos ay nasa lahat ng dako na para bang nasa bawat pahina ang kanyang pangalan. Sinasabi nga sa atin ng **Matandang Tipan** kung paano inihahanda ng Diyos ang sangkatauhan, lalo na ang bayang Israel, para sa pagkilala at pagtanggap kay Jesus na siyang nagsasakatuparan sa mahiwaga at kahanga-hangang Pakikipagtipan sa mga tao: sa ganito nagsisimula ang **Bagong Tipan**.

Magkalangkap na Salita ng Diyos sa pananalita ng tao ang Biblia. Kaya imposibleng maintindihan ang mga aklat na ito kapag kinaligtaan ang isa sa dalawang ito. Salita ng Diyos ang Biblia, at mga salita rin ito ng mga propeta ng Israel, at daing at pag-asa ng bayang pinili ng Diyos.

Hindi isang aklat tungkol sa Diyos ang Biblia kundi isang aklat na ang Diyos mismo ang nagsasalita sa pamamagitan ng mga tagapagpatotoong siya mismo ang pumili mula sa kanyang bayang Israel. Hindi nagkamali ang mga unang Kristiyano sa pagsasabing “Noong una, nagsalita ang Diyos sa ating mga ninuno sa pamamagitan ng mga propeta sa baha-bahagi at sari-saring paraan, ngunit ngayon sa mga huling araw, nagsalita siya sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak” (Heb 1:1). Kayat makikita natin sa iba’t ibang aklat kung gaano katiyagang nagpakilala ang Diyos at inihanda ang kanyang bayan sa pakikipagtagpo kay Jesus, ang Anak-ng-Diyos-na-nagpakatao, “sa kanya nananahan ang kapuspusan ng Diyos” (Col 2:9).

## *Ang pagtuturo ng Diyos sa kasaysayan*

Mga pagala-galang pastol pa sina Abraham, Isaac at Jacob nang magpakilala sa kanila ang Diyos; kabahagi sila sa simpleng relihiyon ng iba pang pagala-galang pastol, ayon sa minana nilang pagsasadiyos ng kanilang mga ninuno at pagpipitagan sa ilang dinidiyos ng kanilang mga angkan. Ang pakikipagtagpo nilang ito sa Diyos na Buháy ang naghatid sa kanila ng bagong kamalayan na pinapatnubayan nga ng Diyos ang kanyang pinipili. Waring pinabulaanan ng maraming pagsubok ang pangako sa kanila ng Diyos ngunit sa tuwina’y gumagawa ang Diyos

para sa kapakanan ng bayan niyang tapat. Humantong ito sa pagkakaroon ng natatanging relasyon ng Diyos at ng mga patriyarka, na kakikitaan ng katapatan ng Diyos at ng matatag na pagtitiwala ng kanyang bayan. Dahil sa kanila, namulat ang Israel upang makita ang mga kahanga-hangang gawa ng Diyos para sa kanyang mga hinirang at ang matatag na pananampalataya ng mga patriyarka.

Pagkaraan ng anim na dantaon, nasa disyerto ang mga inapo ng mga patriyarka sa pamumuno ni Moises papunta sa Lupang Pangako. Susi sa kanilang karanasan ang pagtigil nila sa Horeb: doon magkakaroon ng isang karanasang espirituwal ang mga angkan ng mga pagalagalang pastol, at ito ang laging babalik-balikan ng mga teksto ng Biblia. Buong katapatang ibinigkis ng Diyos ang kanyang sarili sa kanyang bayan kasabay ng pagbibigay niya sa kanila ng Batas: ang panuntunan ng pakikipagtipan sa Diyos at ang kalipunan ng mga batas sa personal at pampamayanang asal para sa Israel. Muling maririnig sa mensahe ng Sinai ang salitang sinabi kay Abraham. *Pangako, Tipan, Kaligtasan* – ang tatlong tungko ng pananampalataya ng Israel.

Sa pagpasok sa Lupang Pangako, naharap ang Israel sa ibang bansang may mas mataas na kultura. Higit na sa dalawanlibong taong may sibilisasyong panlunsod ang mga bansang ito, may mahusay na sistema ng pagsasaka, at pakikipagkalakalan sa rehiyon ng Malapit na Silangan at sa ibayo pa nito. Ang maningning ngunit paganong sibilisasyong ito ang laging magiging batong katitisan ng pananampalataya ng Israel. Nagpadala naman ang Diyos ng mga propeta sa kanyang bayan; sila ang kanyang mga kinatawan. Isang maliit na bayan sa Canaan ang inokupa ni David at ito ang ginawa niyang kabisera: ito ang Jerusalem. Dinala niya roon ang Kaban ng Tipan, ang nakikitang tanda ng pamamalagi ng Diyos sa kanyang bayan. Mula noon, hindi lamang pumasok sa kasaysayan ng bayan ng Diyos ang Banal na Lunsod kundi lumampas pa ito sa panahon at kasaysayan sa paglitaw nito sa mga huling pahina ng Aklat ng Pagbubunyag bilang larawan ng sangkatauhang ganap na nakipagbalikan na sa Diyos. Isang sentro ng pagkakabuklod – ang “tahanan ng Diyos” – ang ibinigay ni Solomon sa kanyang bayan nang itayo niya ang *Templo* ng Jerusalem na sa paglipas ng panahon ay kikilalaning tanging lehitimong santwaryo.

Ang pagkondena sa di-mabilang na pagtataksil ng Israel, ang pag-alaala sa walang-sawang awa ng Diyos sa Jerusalem, ang pangangailangan para sa katotohanan at katapatan sa pagsamba sa Templo, ang pahayag ng parating na kaligtasan – ang lahat ng ito’y nasa puso ng mensahe ng mga propeta.

Sa pagsasama sa mga aklat na nagtatala sa kasaysayan ng panahong iyon sa “Mga Propeta,” binibigyang-diin ng Bibliang Hebreo ang orihinalidad ng mga tekstong ito. Para sa Matanda at Bagong Tipan, taglay ng bawat pangyayari ang salita ng Diyos: isinasalaysay ang kasaysayan hindi para malaman ang kahapon kundi upang magpatotoong tapat ang Diyos sa kanyang bayan, malaman ang gusto ng Diyos, at nang maihanda tayo sa pagtanggap sa biyaya ng kaligtasan. Kayat masasabing “propetiko” ang bawat teksto sa Biblia.

Sa paglapit ng wakas ng panahon, nag-ibayo ang pagninilay ng Israel. Dinalisay ng maraming pagsubok ang mga pag-asang napakamakamundo. Sa pagdarasal ng *Mga Salmo*, sa mga may-aral na salaysay at mga kasabihan, sa pagsulong ng sangkatauhan at lipunan, ang mga pantas ang gumabay sa Israel sa mga huling yugto ng paglalakbay nito patungo sa Magsasakatuparan sa lahat ng bagay. Maaaring hindi kasimbuo ng Batas o Mga Propeta ang Kasulatan ng Karunungan na bumubuo sa huli at ikatlong bahagi ng Matandang Tipan; sa katunaya’y ito ang pagninilay ng isang bayang balisa at kalimita’y hati-hati. Iyon ang panahon nang bumuo ang Diyos ng “isang maliit na nalabi” para sa kanya mula sa isang bansang naakit at natangay ng mga tukso sa kapangyarihan at ng di-pagkakilala sa kaharian ng mundong ito at sa Kaharian ng Diyos.

*Ang Batas, Mga Propeta at Mga Akda*

Ang 46 na aklat ng Matandang Tipan ang bumubuo sa una at mas makapal na bahagi ng dalawang bahagi ng Biblia. Tungkol ito sa unti-unting paghahanda sa Israel para sa tunay at walang-hanggang Pakikipagtipang pagtitibayin ng Diyos sa sangkatauhan sa pamamagitan ni Jesukristo.

Kung paanong nagkakaiba't iba ang pag-uuri sa mga aklat sa isang aklatan ayon sa nag-uuri sa mga ito, gayon din nauuri ang 46 na aklat ng Matandang Tipan mula sa mga unang dantaon ng panahon ng Kristiyanismo. May dalawang pag-uuring pinagpipilian ang mga editor ng Biblia sa kasalukuyan, na pinakamalimit gamitin sa mga manuskrito noong unang panahon: ang kaayusan ng Bibliang Hebreo o ang kaayusan ng Bibliang Griyego.

Ang kaayusan ng Bibliang Hebreo ang sinusunod natin sa kabuuan ng kasalukuyang edisyong ito ng Biblia ng Sambayanang Pilipino. Kaya nasa simula ang unang limang aklat ng Matandang Tipan na tinatawag na **Batas**, Torah para sa mga Judiong Hebreo ang salita at Pentateuko naman para sa Judiong Griyego ang salita. Kasunod nito ang Mga Aklat ng **Mga Propeta**, at sa dakong huli'y ang **Mga Aklat ng Karunungan**, na kalipunan ng mga akda na may iba't ibang paraan ng pagkasulat na nagbubuklod sa atin sa panalangin, karunungan at moralidad ng bayan ng unang tipan.